

Modified Checklist for Autism in Toddlers: Filipino Version (M-CHAT:FV) Follow-up Interview

Acknowledgement: We would like to thank Joaquin W. Sumpaico and Dr. Angel Belle Dy for their help in the development of the translation of the M-CHAT: FV Follow-up Interview

Panuto para sa paggamit ng M-CHAT: FV Follow-Up Interview

Piliin ang mga *item* base sa resulta ng M-CHAT:FV. Gamitin lamang ang mga *item* na kung saan sinabi ng magulang na may mga ugaling nagpapakita ng panganib ng autism spectrum disorders (ASD), at/o kung saan may mga katanungan ang doctor na baka hindi nasagot ng maayos.

Bigyan ng puntos ang interview na tulad ng M-CHAT: FV. Kung ang isang numero ay bagak, ito'y nagasabi ng panganib sa ASD. Ang pagbagsak sa 2 *critical item* (*Item 2,7,9,13,14, 15*) or kahit anong 3 *item* ay nangangahulugan ng pangangailangang magkonsulta sa espesyalista. Tandaan na ang pagbagsak sa follow-up interview ay hindi nangangahulugang may ASD ang bata, ito'y nangangahulugang may panganib na may ASD ang bata.

Pakitandaan na kung ang doctor ay may *concerns* tungkol sa ASD, ang mga bata ay kinakailangang makita ng espesyalista kahit ano man ang makuha niyang resulta sa M-CHAT:FV o M-CHAT: FV Follow-up Interview.


Pakigamitin ang sumusunod na M-CHAT:FV sa pagsulat ng resulta pagkatapos matapos and Follow-Up Interview

M-CHAT: FV


Bilugan ang sumusunod ayon sa kung ano **kadalasan** ang ugali ng anak mo. Kung bibihira (minsan o dalawang beses lang) ang ugali, sagutin na tulad ng **hindi** ito ginagawa ng anak mo.

1. Natutuwa ba ang anak mo kapag siya'y idinuduyan, niyuyugyog sa iyong tuhod, atbp?	Oo	Hindi
2. Interesado ba ang anak mo sa ibang bata?	Oo	Hindi
3. Gusto ba ng anak mong umakyat sa kung saan-saan, halimbawa'y sa mga hagdan?	Oo	Hindi
4. Natutuwa ba ang anak mong makipagbulagaan o taguan?	Oo	Hindi
5. Nagkukunwari ba ang iyong anak, halimbawa'y may kausap sa telepono o nag-aalaga ng manika o gumagawa ng kung anong bagay?	Oo	Hindi
6. Ginagamit ba ng anak mo ang kanyang hintuturo para hingin ang isang bagay?	Oo	Hindi
7. Ginagamit ba ng anak mo ang kanyang hintuturo para sabihing interesado siya sa isang bagay?	Oo	Hindi
8. Napaglalaruan ba ng anak mo nang tama ang maliliit na laruan (halimbawa'y kotse o blocks) nang hindi lamang ito isinusubo, hinahawakan, o binibitiwan?	Oo	Hindi
9. Nagdadala ba ang anak mo ng mga bagay para ipakita sa iyo?	Oo	Hindi
10. Kaya ba ng anak mong tumingin sa iyong mata nang higit sa isa o dalawang segundo?	Oo	Hindi
11. Minsan ba'y mukhang masyadong sensitibo sa ingay ang anak mo (halimbawa'y tinatakpan niya ang kanyang tenga kapag maingay)?	Oo	Hindi
12. Ngumingiti ba ang anak mo kapag tumitingin siya sa iyo o kapag nginingitian mo siya?	Oo	Hindi
13. Ginagaya ka ba ng anak mo? (halimbawa'y kapag sumimangot ka, gagayahin ba niya ito?)	Oo	Hindi
14. Tumitingin o sumasagot ba ang anak mo kapag tinatawag ang pangalan niya?	Oo	Hindi
15. Kapag may itinuturo kang laruan sa kabilang panig ng kuwarto, tinitingnan ba ito ng iyong anak?	Oo	Hindi
16. Naglalakad ba ang iyong anak?	Oo	Hindi
17. Tinitingnan ba ng anak mo ang tinitingnan mo?	Oo	Hindi
18. May ginagawa ba ang anak mong kakaibang galaw ng daliri malapit sa kanyang mukha?	Oo	Hindi
19. Sinusubukan ba ng anak mong tawagin ang iyong pansin sa kanyang ginagawa?	Oo	Hindi
20. Inakala mo na bang bingi ang anak mo?	Oo	Hindi
21. Naiintindihan ba ng anak mo ang sinasabi ng iba?	Oo	Hindi
22. Minsan ba'y tulala o pagala-gala nang walang dahilan ang iyong anak?	Oo	Hindi
23. Tinitingnan ba ng anak mo ang iyong mukha para malaman ang iyong reaksiyon kapag may nakikita siyang bago o hindi niya kilala?	Oo	Hindi


1. Iniulat mo na si _____ ay hindi natutuwa kapag siya'y idinuduyan o niyuyugyog sa iyong tuhod atbp.




2. Iniulat mo na si _____ ay hindi interesado sa ibang bata.
(Critical= Maselan)




4. Iniulat mo na si _____ ay hindi natutuwa na makipagbulagaan o taguan.




5. Iniulat mo na si _____ ay hindi nagkukunwari, halimbawa, may kausap sa telepono, o nag-aalaga ng manika, o nagkukunwari ng ibang bagay.




6. Iniulat mo na si _____ ay hindi gumagamit ng kanyang hintuturo para hingin ang isang bagay.




7. Iniulat mo na si _____ ay hindi gumagamit ang kanyang hintuturo para sabihing interesado siya sa isang bagay. **(Critical)**




8. Iniulat mo na si _____ ay hindi maayos maglaro ng maliliit na laruan (halimbawa’y kotse o blocks) nang hindi lamang ito isinusubo, hinahawakan o binibitiwan.




9. Iniulat mo na si _____ ay hindi nagdadala ng mga bagay para ipakita sa iyo.
(Critical)




10. Iniulat mo na hindi kayang tumitingin ni _____ sa iyong mata ng higit sa isa o dalawang segundo.




11. Iniulat mo na kung minsan si _____ ay masyadong sensitibo sa ingay.




12. Iniulat mo na si _____ ay hindi ngumingiti kapag tumitingin sa iyo o kapag nginingitian mo siya.




13. Iniulat mo na hindi ka kadalasan ginagaya ni _____. (Critical)




14. Iniulat mo na si _____ ay hindi tumitingin o sumasagot kapag tinatawag ang pangalan niya. **(Critical)**




15. Iniulat mo na kapag itinuturo mo ang laruan sa kabilang panig ng kwarto, hindi ito tinitignan ni _____.




16. Iniulat mo na hindi naglalakad si _____.




17. Iniulat mo na hindi tinitignan ni _____ ang tinitignan mo.




18. Iniulat mo na si _____ ay may ginagawa na kakaibang galaw ng daliri malapit sa kanyang mukha.



19. Iniulat mo na hindi sinusubukan ni _____ na tawagin ang iyong pansin sa kanyang ginagawa.



20. Inakala mo bang bingi si _____.



Tanungin ang lahat ng mga magulang:

Napaeksamen na ba ang pandinig ng iyong anak? Kung Oo, ano ang naging resulta?


Isulat ang resulta: ____ May problema sa pandinig ____ Normal na pandinig

Kung may problem ang pandinig --> PASADO


Tandaan: Kung iulat ng mga magulang na sila ay nagkaroon lamang ng pagaalinlangan sa pandinig ng kanilang anak nang ipasailalim sa karaniwang pagpapatingin --> PASADO

Tandaan: Kahit ano ang resulta ng pagpapatingin sa pandinig, kung hindi namamansin ang bata ng ingay o mga tao --> BAGSAK

21. Iniulat mo na hindi naiintindihan ni _____ ang sinasabi ng iba.



22. Iniulat mo na minsan ay tulala o pagala-gala nang walang dahilan si _____.



23. Iniulat mo na hindi tinitingnan ni _____ ang iyong mukha para malaman ang iyong reaksiyon kapag may nakikita siyang bago o hindi niya kilala **o nakakatakot**.

